




Ang Tambol ni Atong

Kuwento ni

Alan Apple C. Cosare

Guhit ni

Donn E. Manguilimotan



Ang Tambol ni Atong



Mga Kasanayan sa Pagkatuto

Sings or plays instruments in solo or with group, melodies/songs in C Major, G Major, and F Major (MU6ME-IIa-3).

*Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad.
Hal. pagpapaliwanag na ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang paniniwala;
pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa at pagmamahal sa kapwa at Diyos. (EsP 6, Q.4).*

Nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari bago, habang at matapos ang pagbasa (F6PN-Id-e-12).



Treasury of Storybooks

.....

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Cosare, Alan Apple C. *Ang Tambol ni Atong*. DepEd-BLR, 2022.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Alan Apple C. Cosare

Illustrator: Donn E. Manguilimotan

Learning Resource Manager: Evangeline A. Vicencio

Analiza C. Almazan

Davao City
Region XI









Tatlumpu't walo kaming lahat sa aming klase sa ikaanim na baitang pangkat Agila sa bago kong paaralan. Sa dami namin, may nabuo na samo't saring grupo. May grupo na mahilig sa *K-pop*, matatalino, mga kuwela't maingay, matatahimik, mga astig na *rapper*, mga rakista, at marami pang iba. Kalilipat ko lamang sa paaralang ito sa Davao dahil dito na nakadestino ang tatay Edgar ko. Mababait ang kalimitan sa mga kaklase ko. Halos lahat ng mga grupo ay nakikipag-kaibigan sa akin.

Sa lahat ng aking nakilala, pinaka-unang napansin ko sa unang linggo ng klase ay ang tahimik na si Renato Tandi. Bukod sa, may kakaiba siyang tono ng pananalita, may natatangi rin siyang pisikal na hitsura. May pagka-kayumanggi ang kulay ng kaniyang buhok at kakaiba rin ang kutis niya kung ihahambing sa iba. Ang lubos kong pinagtataka ay kung bakit tila wala siyang kinabibilangang grupo sa klase. Mukhang mabait naman siya at nakikilahok din sa mga gawain sa klase. Ginagantihan niya rin ako ng ngiti kapag binabati o nginingitian ko siya. Ano kaya ang may-roon sa kanya?



The background of the page features a light blue sky with a large, soft white cloud on the right side. The top and bottom of the page are framed by decorative wavy borders. The upper border consists of a brown textured band, followed by a band with a repeating orange and yellow circular pattern, and a thin yellow line. The lower border mirrors this design with a brown textured band, an orange and yellow circular pattern band, and a thin yellow line. A colorful plaid band is visible at the very bottom.

Araw iyon ng Sabado, lumabas ako sa layuning makahanap ng mga bagong kaibigan na kapitbahay. Nasorpresa ako nang sa aking paglabas ay nakita ko ang kaklase kong si Renato Tandi. Kasama niya ang kaniyang tatay na naglalako ng mga ukay-ukay na sapatos. “Klasmeyt!” tawag ko sa kanya. Lumingon kaagad siya sa akin. Halata sa mukha niya na medyo nahihiya siya bagamat nakangiti. “Uy! taga rito ka rin pala?” tanong niya sa akin sa kaniyang kakaibang tono ng pananalita. “Oo, kalilipat lang din namin galing ng Cotabato” sagot ko naman sa kanya. Agad niyang kinausap ang kaniyang tatay gamit ang ibang linggwahe. Sa pagkakaintindi ko sa usapan nila, ipinakikilala niya ako sa tatay niya. “Taga rito lang din kami, diyan lang sa dulo na malapit sa dalam-pasigan” wika niya sa akin. Agad silang nagpaalam para ipagpatuloy na ang kanilang paglalako.





Kinabukasan ay naisipan kong pumunta sa may dalampasigan, nagbabakasakaling makita ko si Tandi. Nagpaalam ako nang maayos kina nanay Emma at tatay Edgar. Pumayag naman sila basta't huwag lamang daw akong pumunta sa malayo. Hindi nga ako nabigo. Nakita ko sa tabing-dagat ang kaklase kong si Tandi na may kasamang ibang mga bata. Magkakakulay ang mga balat at buhok nila. Sa wakas, nakita ko na rin ang grupo ng aking kaklase, ang kaniyang mga ka-tropa. "Klasmeyt, halika at sali ka sa amin!" paanyaya niya sa akin. Agad naman akong ipinakilala sa kaniyang tropa. May mga dala-dala silang mga mala-tambol na instrumento na yari sa malalaking plastik na tubo ng tubig na may panakip na goma sa bandang ibabaw. Nag-eensayo pala sila sa pagtugtog. Namangha ako sa galing nila at sa bilis ng pagtapik ng kanilang mga kamay. Pinasubok nila ako pero natawa kaming pareho nang tumugtog na ako. Hindi talaga ako marunong. Sinabi ko sa kanila na ibang instrumento ang alam ko. Magaling akong mag-ukulele.



Pagbalik namin sa paaralan ay iba na ang pakikitungo namin sa isa't isa. Atong na rin ang tawag ko sa kanya gaya ng palayaw sa kanya ng kanyang tropa. Masasabi kong nakabuo kami ng bagong grupo sa klase, kami nga lang dalawa.

Hindi kalaunan ay mas nakilala ko pa lalo ang bago kong kaibigan. Sila pala ng pamilya niya ay nabibilang sa tribong kung tawagin ay Sama. Kaya naman pala iba ang kutis, hitsura, at ang tono ng mga pananalita ni Atong kumpara sa akin. Mas kilala ang tribo nila bilang Badjao. Karamihan sa kanila ay nakatira sa may tabing-dagat. Matataas kalimitan ang mga tahanan nila na ang iba ay nasa mababaw na bahagi ng dagat. Magagaling din silang sumisid at lumangoy.







Magkaibang-magkaiba man kami sa maraming bagay, napapadalas din ang pamamasyal ko kina Atong para makipaglaro kasama ang kaniyang mga ka-tropa sa tuwing wala kaming pasok. Magaan ang loob ko sa kanya. Maganda rin kasi ang pakikitungo niya sa akin at ng kaniyang tropa. Minsan tuloy ay napapaisip ako, bakit wala masyadong ibang bata na nakikipagkaibigan sa kanila? Bakit halos sila-sila lang ng mga kapwa niyang Sama ang nagsasama?

Gayunpaman, masaya ako kasi tanggap nila ako kahit iba ang kulay at pananalita ko.





Minsan, may inatas na gawain ang aming guro sa asignaturang Musika na si Ginang Romero. Kailangan naming gumawa ng presentasyon sa Musika bilang pares o grupo. Binigyan lang kami ng isang linggo para sa pag-ensayo. Agad kong pinili si Atong bilang aking kapareha. Naghahanap pa ako ng iba pang magiging miyembro ng aming grupo, ngunit napag-alaman kong may grupo na pala ang lahat. Nang hapong iyon, pinuntahan ko si Atong sa kanilang bahay dala ang aking ukulele. Sa isip ko, kukumbinsihin ko si Atong na magkaroon kami ng kolaborasyon, gamit ang aming kaniya-kanyang instrumento. Gagamitin ko ang aking ukulele habang gagamitin naman niya ang kaniyang kakatuwang tambol.

Nang nakapag-usap na kami ni Atong, naku! napakamot ako sa ulo. Hindi pala siya sang-ayon sa aking ideya, dahil nahihiya siyang dalhin at gamitin ang tambol sa klase. Takot siyang matukso at pagtawanan ng aming mga kaklase, dahil katwiran niya ay hindi naman kaaya-aya ang kanyang tambol. Siya ang gumawa nito, yari ito sa mga mumurahin at patapon nang materyales. Pero, hindi ako sumuko sa pangungumbinse sa kaniya. Sinabihan ko siya, na naniniwala ako sa kaniyang kayanan. Bilib na bilib ako sa pagtugtog niya ng kanyang instrumento at alam ko na mapapahanga rin niya ang aming mga kaklase kapag nakita nila na may kakayahan siyang tumugtog. Kailangan din naming gawin ito upang makakuha ng magandang marka sa asignatura ni Ginang Romero. Tuwang-tuwa ako nang pumayag din siya sa wakas.









Agad kaming nagpasya kung anong piyesa ang aming tutugtugin. Nag-ensayo kami nang mabuti ni Atong. Iginugol namin ang buong araw ng Sabado para maisaayos ang aming presentasyon. Bagamat, nahihirapan kaming sabayan ang isa't isa sa umpisa, natutuhan din naming makiayon sa ritmo ng bawat isa. Lalo akong napahanga sa aking kaklase. May giliw siya kung tumugtog ng kanyang tambol. Kalimitan pa nga ay sinasabayan niya ito ng kakatuwa niyang galaw sa pagsayaw. Tinuruan ko rin siya kung paano tugtugin ang ukulele gaya rin ng pagtuturo niya sa akin kung paano tugtugin ang kaniyang tambol.

Minsan, sa bahay kami nag-eensayo. “Parang may kulang pa sa tugtog natin,” biglang wika ni Atong sa gitna ng pag-eensayo. Nakita ni Atong ang mga nakatambak na basiyong lata ng gatas. “Itatapon niyo na po ba iyan?” tanong niya sa akin. Sabi ko naman, “Hindi ah! sayang din. Gagawing mga paso ng halaman ni nanay Emma ang mga iyan. Pero, maaari mo namang hingin kung gusto mo.” Sa permiso ng nanay ko, malugod naming ibinigay kay Atong ang hinihingi niyang dalawang basiyo ng lata ng gatas. Nagtataka ako kung saan niya gagamitin ang mga iyon.





Ang sumunod na araw ay ang huling araw ng aming pag-eensayo. Nagulat ako nang makita ang dala-dalang tambol ni Atong. Ang dating iisang tambol lang, may dalawang bagong latang tambol ng nakakabit. Hanga ako sa pagiging malikhain niya. Nang sinimulan na namin ang pag-eensayo, napamangha ako sa bagong tunog na nilikha ng mga ito. Iyon pala ang kulang na tinutukoy ni Atong. May kakaibang pitik at himig na nalilikha mula sa tunog ng katutuwaan niyang tambol. Lalo akong nanabik para sa aming pagtatanghal. Siyempre, kailangan ko ring gagalingan ang pagtugtog para makasabay ako sa aking kaparehas.








Sa wakas, dumating na rin ang araw ng aming presentasyon. Pagkagising ko pa lang sa umaga ay nanalangin agad ako sa Panginoon na nawa'y gabayan Niya kaming dalawa ni Atong. Halos iyan na ang laman ng mga panalangin ko sa mga nakaraang araw. Laking tiwala ko na magiging maganda ang kalalabasan ng pagtatanghal namin. Iyon ay kung hindi kami pangungunahan ng matinding kaba.

Pagkalabas ko sa bahay, nakita ko si Atong na nag-aabang at may dala-dalang malaking kahon. Alam ko siyempre kung ano ang laman nito. “Ay naku, muntikan na!” sambit ko sa sarili. Dali-dali kong binalikan sa sala ang aking ukulele na muntik ko nang maiwan. Pagkatapos ay nagpaalam na kami kina nanay Emma at tatay Edgar.




Habang naglalakad kami patungong paaralan, nagbabahagian kami ng mga nararamdaman tungkol sa gagawin namin sa araw na iyon. Pareho pala kaming kabado at hindi masyadong mapakali sa kakaisip sa magiging resulta ng presentasyon. “Araw-araw kong ipinapanalangin kay Tuhan na sana ay hindi ako talunin ng aking kaba,” pagtatapat ni Atong. “Tuhan? Sino si Tuhan?” tanong ko sa kanya. “Tuhan ang tawag namin sa aming Panginoon,” sagot ni Atong. Napangiti ako sa sagot niya at sinabing, “Ako rin, lagi ko rin iyang ipinagdarasal sa Panginoon.”

Dumating na ang oras para sa aming klase sa Musika. Iba-iba ang maaaninag sa mukha ng bawat isa habang pumapasok sa silid ni Ginang Romero. Karamihan ay mukhang kabado na katulad ni Atong, habang ang iba naman ay mukhang kumpiyansa at may pananabik. Ako, pinili kong itago ang nararamdaman kong kaba para hindi maapektuhan ang kapareha kong si Atong. Kasinlakas ng tunog nang tambol ni Atong ang mga kabog sa dibdib ko lalo na nang makita ko ang munting entabladong inilagay ni Ginang Romero sa harapang bahagi ng silid. Tinakpan ni *ma’am* ng mga tela ang pisara at may mga palamuti at mikropono pa. Mukhang seryoso talaga si Ginang Romero. At hindi lang iyan, pumasok pa ang *Master Teacher* na si Ginoong Suarez na wari ay makikinoood sa aming munting programa.










Isa-isang nagpresenta ang bawat grupo. May sumayaw ng Itik-itik, may nag-*rap*, may sumayaw ng *K-Pop*, may nag-*interpretative dance*, may mga umawit at iba pa. Biglang kumalma ang kabadong mukha ni Atong nang makita niya ang sinundan naming grupo na gumamit ng mga lata at bao ng niyog para gawing *maracas* sa kanilang presentasyon. Mga tansan o takip ng bote naman ang ginamit nila para gawing *tambourine*. Tila natuwa siya nang makitang may kapareho pa pala siyang gumamit ng mga napapakinabangan pang patapong bagay. Doon na niya inilabas sa kanyang kahon ang kanyang tambol.

Maya-maya ay tinawag na kami ni Gng. Romero. Oras na pala para kami naman ni Atong ang magtanghal. Lumakas lalo ang kabog ng aking dibdib. Saglit kong ipinikit ang aking mga mata at huminga nang napakalalim. Pagdilat ko ng aking mga mata, laking sorpresa ko nang makita kong naunang tumayo sa harapan si Atong na mukhang handang-handa na. Napatitig ang lahat sa kaniya at sa kakaibang instrumento. Tumayo na rin ako at tumungo sa munting entablado. Sa kaniyang hudyat na pagpukpok sa tambol ay agad naming sinimulan ang aming musika.





Ang mga sumunod na kaganapan ay wari naging isang hindi malilimutang bahagi ng kasaysayan sa loob ng silid-aralan ng Grade VI-Agila. Lahat ay bumilib, napaindak, at napahanga. Nang kami ay natapos na, narinig na lang namin ang kanilang mga palakpakan, hiyawan at paulit-ulit na pagsigaw ng, “Isa pa! Isa pa!”. Aba! daig pa namin ang nagtatanghal sa isang konsiyerto. Napatayo sa upuan sina Gng. Romero at Ginoong Suarez na tila walang tigil ang mga kamay sa kapapalakpak. Halos hanggang tainga ang ngiti namin ni Atong. Sa sobrang galak, biglang napaakbay sa akin si Atong sabay sabing, “Salamat kay Tuhan. Nagawa natin!” Umakbay na rin ako sa kanya at sinabing, “Oo, salamat kay Tuhan. Salamat din sa iyo. Masaya ako dahil ikaw ang naging kaparehas ko dito. Hindi talaga ako nagkamali. Ang galing-galing mo!”








Pagkauwi ko sa bahay, ikinuwento ko kina nanay Emma at tatay Edgar ang mga naganap sa aming presentasyon sa asignaturang Musika. Tuwang-tuwa sila sa naging resulta ng pagsisikap namin ni Atong. “Alam mo anak, bukod sa magandang resulta ng pagtugtog ninyo, nagagalak kami ng tatay mo sa magandang pakikitungo ninyo ni Atong sa isa’t isa,” biglang wika ni nanay Emma. “Masaya kami dahil marunong kang gumalang sa ibang tao kahit iba ang kanilang paniniwala at kultura,” dagdag naman ni tatay Edgar.

“Hindi po ba kayo ang nagturo sa akin niyan sa pamamagitan ng kanta? *‘Mahal ng Diyos ang mga bata, lahat ng bata sa mundo. Ano man ang kulay ng balat mahal ng Diyos silang lahat,’*” sagot ko sa kanila na may halong kanta. “Aba, kunin mo na lang din kaya ang ukulele mo at tawagin mo na rin si Atong para sabayan n’yo na lang ng tugtog iyang pagkanta mo,” pabirong sabi ni tatay na sinundan ng malakas naming halakhakan.

Matapos ang araw na iyon ay hindi lang ako ang napahanga kay Atong. Nag-iba rin ang pakikitungo sa kanya ng aming mga kaklase. Tila ba may hindi nakikitang pader na bigla na lamang natibag. Tinibag ito ng napakalakas na kalabog ng tambol ni Atong at ng indak ng mga paang napasayaw sa tugtuging dala nito. Ngayon, hindi lang ako ang tropa ni Atong sa klase namin. Marami na ang may gustong kilalanin pa siya. Sa mga sumunod naming gawain sa pagkanta sa ibat-ibang asignatura, ramdam na niya ang pagiging mahalagang kalahok kahit saang grupo man siya mapunta. Marami na rin ang nakakapansin sa mga magagandang katangian niya tulad ng pagiging mapagkumbaba, malikhain, at masayahin.

Isang mahalagang leksiyon ang natutuhan ko sa kaibigan kong si Atong at sa tambol niya. Tulad ng mga instrumento namin, kaming dalawa ay sadyang magkaiba sa maraming bagay tulad ng wika, tono ng pananalita, ugali, hitsura, paniniwala, at kultura. Ngunit, kahit na magkaibang instrumento man ay nakalilikha naman kami ng napakagandang musika kapag ipinagsama. Lubos kong ipinagmamalaki si Atong. Ang kaibigan kong Sama.







Ang Manunulat

Si Alan Apple C. Cosare ay kasalukuyan nagtuturo sa Buhangin Central Elementary School- SPED Center, Sangay ng Lunsod ng Davao. Hilig niya ang pagsusulat at pagguhit ng mga kuwentong pambata. Isa sa kaniyang mga adbokasiya ay ang pagtulong sa pag-aaral ng mga kabataan ng tribong Sama sa Davao Region. Ang kuwentong “Ang Tambol ni Atong” na nanalo ng ikalimang gantimpala sa Season 4 ng National Storybook Writing Competition at tinanghal na Readers’ Choice ay inaalay niya sa mga mag-aaral na Badjao (Sama Dilaut) sa Rehiyon XI.



Ang Tagaguhit



Si Donn E. Manguilimotan ay isang guro, ilustrador at pintor mula sa Davao City. Siya ay nagtuturo sa Vedasto F. Corcuera Elementary School. Kabilang siya sa DepEd National Pool of Illustrators at kasapi din sa samahang Sulat Mindanao na pinakaunang samahan ng manunulat at ilustrador sa Mindanao. Marami na rin siyang pinapanalunan na mga patimpalak sa larangan ng sining sa pagguhit, mapa-lokal, panrehiyon, at pambansa man. Siya rin ang tinanghal na *Best Illustrator* para sa Category 1 (Grade 6) sa ginanap na Season 4 ng National Storybook Writing Competition 2022 para sa kuwentong “Ang Tambol ni Atong”.

Ang Tambol ni Atong

Sa kuwentong ito ay makikilala mo
ang batang si Atong.

Siya ay may kagamitang tambol na
sadyang kakaiba.

Katulad niya, hindi pangkaraniwan
ang tunog nito at itsura.

Ngunit kapag ito'y iyong pakikikingan
ay tiyak na mapapaindak at
mapapahanga ka.

Halina at basahin ang kuwento upang
lubos mong makilala si Atong
at kung gaano nga ba kaespesyal
kakaiba ang tambol na
taglay niya.

